Testimonya:

"Sa "My Homecare" nabibigyan ng kontrol ang aking nanay sa tamang alaga na kailangan niya. At napakahalaga nito sa mga matatanda na naging lubos na malaya sa buong buhay nila."

Bighani
kamag-anak ng kliyente ng My Homecare

Geneva Healthcare

Sa pinakabagong inobasyon ng Geneva Healthcare, ikaw ang may kontrol sa kailangan mo na alaga – may opsyon kang tingnan, gamitin, o ibahagi ito. Madali itong gamitin at LIBRE para sa lahat ng kliyente ng Geneva. At dahil sa karanasan at kaalaman ng Geneva, makakatanggap ka ng tunay na pag-aalaga, mga pagpipilian, at kapanatagan ng loob.

My Homecare
by Geneva Healthcare

Makipag-ugnayan sa amin upang malaman kung paano magsimula o magrehistro online nang libre.

0800 GENEVA o 0800 436 382
myhomecare@genevahealth.com
www.myhomecare.co.nz

Ang "My homecare" ay nagbibigay sa iyo ng kontrol sa iyong kailangan na alaga.

Voted by New Zealanders Highly Commended TRUSTED BRAND 2025 Reader's Digest Home Health Care

My Homecare
by Geneva Healthcare

0800 GENEVA o 0800 436 382
myhomecare@genevahealth.com
www.myhomecare.co.nz

Sino kami

Kami ay mga pinagkakatiwalaang eksperto sa New Zealand sa pangangalaga sa matatanda, mga may karamdaman, nasugatan, at may kapansanan.

Mula pa noong 1996, tinutulungan namin ang mga taga-New Zealand na mamuhay nang pinakamahusay sa pamamagitan ng pananatiling malusog, pagiging independiyente, at patuloy na konektado sa kanilang komunidad.

Bahagi kami ng pinakamalaking network ng mga tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan sa New Zealand, na nakikipagtulungan sa Ministry of Health, District Health Boards, Ministry of Social Development, at ACC bilang pangunahing pambansang taga suporta.

Nagbibigay kami ng 24/7 na kumpletong suporta sa aming mga kliyente sa tulong ng mga kwalipikado, nasuri sa seguridad, Geneva Certified workers, mga nars, at mga propesyonal sa Allied Health na maingat na pinipili upang tumugma sa iyong mga pangangailangan.

Ang aming mga plano sa pangangalaga ay personalisado at aprubado ng mga eksperto sa medisina, ayon sa pangangailangan at kagustuhan ng bawat kliyente.

LIBRE ang aming mga serbisyo para sa mga kwalipikadong tumangap ng tulong galing sa gobyerno.

Nag-aalok din kami ng mga serbisyong pribadong pinopondohan.

Ang My Homecare ay isang online na kasangkapan na nagbibigay sa iyo at sa iyong pamilya ng mas malawak na pagpipilian at kontrol sa inyong mga serbisyong pangsuporta sa bahay.

Tunay na Pagpipilian

- Binibigyan ka ng kalayaang pamahalaan ang sarili mong pangangalaga at suporta.
- Ikaw at ang iyong pamilya ay maaaring pumili ng mga tagapag-alaga, baguhin ang oras ng serbisyo, pumili kung kailan at paano mo gustong matanggap ang serbisyo, at mag-book ng dagdag na suporta.
- Ang My Homecare ay LIBRE para sa lahat ng kliyente ng Geneva.

Tunay na Pangangalaga

- Ang aming mga Geneva Certified Support Workers ay sinanay, kwalipikado, at nasuri para sa kaligtasan, at maingat na pinipili upang tumugma sa iyong mga pangangailangan.
- Makakakuha ka ng personalisado at medikal na inaprubahang plano ng pangangalaga, na nilikha kasama ka bilang pangunahing tagapagpasya.
- Nakaantabay kami 24/7, at regular kang kokontakin ng iyong Service Coordinator.

Tunay na Kapanatagan ng Isip

- May opsyon kang ibahagi sa iyong mga mahal sa buhay ang impormasyon tungkol sa iyong plano ng pangangalaga.
- Maaari mong anyayahan ang iyong mga mahal sa buhay na tingnan ang iyong iskedyul, o bigyan sila ng ganap na access 24/7 upang pamahalaan ang iyong mga serbisyo sa iyong ngalan.
- Madaling magbigay ng opinion — maaari kang magpadala ng agarang feedback nang hindi kailangang tumawag.

Tingnan

- Magagawa mong tingnan ang iyong iskedyul ng pangangalaga para sa buong buwan — makikita rito ang mga nakaraang at paparating na appointment, pati na rin ang mga kinanselang shift.
- Mayroon ding buod ng mga kamakailang pagbisita, na naglalaman ng petsa, oras, tagapag-alaga, at uri ng pangangalaga.

Gamitin

- Maaari mong pamahalaan ang sarili mong iskedyul — baguhin ang petsa, oras ng simula at pagtatapos, tagal, at mga serbisyong kailangan, o mag-book ng karagdagang pangangalaga kung kinakailangan.
- Maaari mong piliin ang sarili mong kwalipikadong mga tagapag-alaga sa iyong lugar, at tingnan ang kanilang mga profile — lokasyon, kasanayan, kwalipikasyon, detalye ng lisensya sa pagmamaneho, at oras ng pagiging available.
- Maaari kang magbigay ng puna tungkol sa isang partikular na shift nang hindi na kailangang tumawag.

Ibahagi

- Maaari mong anyayahan ang iyong mga mahal sa buhay na tingnan o pamahalaan ang iyong mga serbisyong pangsuporta. Maaari silang magkaroon ng limitadong o ganap na access 24/7 upang pamahalaan ang pangangalaga para sa iyo.